IV-5 Pagkamatay

1.Pagbibigay Alam ng Pagkamatay (Death Notification)

Kapag ang isang dayuhan ay namatay sa bansang Hapon, ang mga kailangang papeles ay tulad din ng mga mamamayang Hapon. Ang notisya ng pagkamatay ay kinakailangang ipagbigay alam sa munisipyong kinabibilangan. Ang pagbibigay-alam ay kinakailangang gawin sa loob ng pitong (7) araw mula sa araw na mapatunayan o mapagtibay ang pagkamatay.

Sa bansang Hapon, ang pagpapatunay sa kamatayan o death confirmation kahit na gaano pa kalinaw, ay dapat manggaling sa isang lisensiyadong doktor o medical examiner (Kansatsui) na siyang tanging makakapagpatunay nito.

Pagkatapos suriin at mapatunayan ng doktor ang pagkamatay ng pasyente ay nararapat na magpagawa ng death certificate (Sibou Sindan Syo) at ang sertipiko o nasabing papeles ay dapat ipakita o isumite sa tanggapan ng kinauukulan sa munispyo kung saan namatay o kaya'y munisipyong kinabibilangan. Maliban sa Death Certificate ay kasama ring ibabalik ang Alien Registration Certificate ng namatay sa institusyong pampamahalaan ng munisipyo upang burahin o alisin ang pangalan nito. May mga proseso ring dapat gawin sa bansa ng namatay, magkaiba ang prosesong ito sa bawa't bansa, may mga bansa na hindi madali ang pagsasaayos ng mga kaukulang papeles kung kaya't mangyari lamang na makipag-ugnayan sa Embahada o Konsuladong nasa bansang Hapon hinggil sa prosesong ito.

2. Paglilibing

Dahil sa malaki ang populasyon ng Osaka Prefecture ay masyado nang masikip at halos wala nang mga sementeryong tumatanggap sa paglilibing. Kunsultahin ang konsulado ng namatay upang malaman kung hindi puwedeng sunugin (cremate) ang mga labi ng namatay dahil labag ito sa kanyang relihiyon at kaugalian. Tungkol sa paghahanap ng sementeryong pandayuhan o kaya'y sa mga nagnanais ipalibing ang bangkay sa sariling bayan ay kumonsulta lamang sa kinauukulang konsulado ng namatay.